# Mga Service Mission: Gabay para sa mga Bishop

*Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng isang maikling pagpapaliwanag tungkol sa programa at sa iyong mga responsibilidad bilang bishop.*

## Mga Service Missionary



Ang indibiduwal na mga talento, kasanayan, at kaloob ng ilang karapat-dapat na young adult na kalalakihan at kababaihan ay maaaring maging dahilan para maging mas angkop para sa kanila na maglingkod sa service mission. Ang service missionary program ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na gamitin ang kanilang mga talento at kakayahan na maglingkod sa Panginoon sa makabuluhang mga paraan. Maaaring kabilang din sa mga service missionary ang mga umuwi nang maaga mula sa mga teaching mission. Ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat ay magkakatulad sa lahat ng missionary.

Ang mga service mission ay hindi kinakailangan para sa mga taong pinahintulutang hindi maglingkod sa mga teaching mission. Walang sinuman ang dapat mapilitang maglingkod. Ang mga service mission ay opsiyon para sa mga taong gustong maglingkod sa Panginoon sa ganitong paraan.

## Ang Iyong mga Responsibilidad

Ikaw ay mayroong tatlong pangunahing responsibilidad:

- Tukuyin ang mga maaaring maglingkod sa teaching o sa service mission.
- Sa tulong ng service mission leader, bumuo ng natatanging karanasan sa misyon para sa mga magiging service missionary matapos nilang matanggap ang kanilang tawag na maglingkod.
- Suportahan ang mga missionary habang sila ay naglilingkod.

## Paano Susuporta

1. Ipaalam sa mga miyembro ng ward ang pagkakataong makapaglingkod bilang mga service missionary. Gawin ito sa mga miting ng ward at sa pakikipag-usap sa mga pamilya.
2. Sa lalong madaling panahon, ihanda ang mga kabataan na maunawaan na ang teaching mission at service mission ay parehong katanggap-tanggap sa Panginoon.
3. Sumangguni sa stake president tungkol sa mga maaaring maglingkod bilang service missionary.

## Mga Tanong?

- Kontakin ang inyong service mission leader.
- Bisitahin ang ChurchofJesusChrist.org/service-missionary.
- Tawagan ang Service Mission Office sa Salt Lake City sa 1-801-240-4914 o mag-email sa support-servicemission@ChurchofJesusChrist.org.

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 10/22. Pagsasalin ng *Service Missions: A Guide for Bishops.* Tagalog. PD60006387 893. Inilimbag sa Pilipinas

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW